# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 46 BILANG 1 — BASAHIN AT TALAKAYIN — ENERO 2026


EDITORYAL

## Paigtingin ang pakikibaka, sumalig sa rebolusyonaryong lakas ng sambayanan upang labanan ang pasismo ng estado

Makatarungang dahas ang tatapos sa di-makatarungang dahas. Rebolusyon ang pinakamatalas na sandata ng mamamayan laban sa pasismo ng estado.

Itinutulak ng talamak na pang-aatake ng rehimeng US-Marcos II ang mamamayang Pilipino na lumaban at igiit ang mga demokratikong karapatan sa gitna ng naaagnas na sistema ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Sa pagbaha ng mga protesta kontra-korapsyon at karahasan ng gubyernong Marcos sa taumbayan noong 2025, kamay na bakal ang tugon nito sa makatwirang panawagan ng bayan. Ang pagbaling ng estado sa pasismo ang sukdulang hantungan nito upang panatilihin ang kapangyarihan at supilin ang pakikibaka ng sambayanan.

Sa pagpasok ng bagong taon, higit pang iwinawasiwas ng gubyernong Marcos Jr. ang pasistang dahas nito sa garapalang pag-atake sa mga sibilyan at komunidad ng katutubo sa inilulunsad nitong kontra-rebolusyonaryong gera. Noong Enero 1, ginimbal ng 203rd Infantry Brigade, 2nd Infantry Division at Philippine Airforce ang mapayapa sanang pagsisimula ng unang araw ng 2026 ng mamamayan ng Abra de Ilog sa Occidental Mindoro ng walang habas na pambobomba at pang-iistraping sa himpapawid gamit ang apat na *helicopter* mula 9:30 ng umaga hanggang 12:30 ng tanghali. Ginawa ito matapos ang mga labanan sa pagitan ng yunit ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro at pinagsanib na pwersa ng 1st IBPA, 59th IBPA, 76th IBPA at 5th Scout Ranger Battalion bandang 6:30 ng umaga at 6:45 ng umaga sa Sityo Mamara, Brgy. Cabacao, Abra de Ilog.



KALATAS
Enero 2026
TOMO 46 BILANG 1

NILALAMAN

1 Paigtingin ang pakikibaka, sumalig sa rebolusyonaryong lakas ng sambayanan upang labanan ang pasismo
3 Internasyunal
4 Pagkamuhi at paglaban ng mga Lagunense sa korapsyon
5 Laban para sa lupa, laban para sa buhay
7 Bakit dapat kundenahin ang gerang agresyon ng US sa Venezuela at bagong NSS ng US?
9 Protesta't panawagan sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao
10 Desentralisadong komemorasyon ng ika-57 taon ng PKP, inilunsad sa iba't ibang dako ng TK
11 Kultura: Guro

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

Ang pasistang tropa ng 203rd IBde ay mga demonyong walang pagsasaalang-alang sa buhay ng mamamayan. Naitala ang anim na kaswalti sa mga sibilyan sa ginawang walang pakundangang pambobomba mula sa himpapawid. Tatlong batang Mangyan Iraya ang napatay habang sugatan ang kanilang ina. Nadamay rin sa pambobomba ang mga kabataang *researcher* na nakipamuhay sa mga katutubong Mangyan at magsasaka sa Abra de Ilog. Nagsasagawa sila ng imbestigasyon sa kalagayan ng lokalidad at kinapanayam ang yunit ng BHB rito. Si Jerlyn Rose Doydora ay nasawi sa proseso ng pag-iwas sa pambobomba ng berdugong militar, kung saan inatake siya ng kanyang sakit. Habang ang isang kabataang napawalay na si Chantal Anicoche ay iligal na binibinbin ng AFP. Napinsala rin ang dalawang baka at tatlong baboy na mga alagang hayop ng masa. Hindi man direktang natamaan ng bomba, matinding takot at *trauma* naman ang idinulot nito sa mga karatig sityo ng Mamara at iba pang mamamayan ng Abra De Ilog.

Hindi pa nasapatan, hinahalihaw at kinokordon ng mga operasyong militar ang Brgy. Cabacao at mga karatig nito sa desperasyong tugisin ang napalabang yunit ng BHB Mindoro. Sapilitang pinalikas ang aabot sa 203 pamilya o katumbas ng 828 indibidwal.

Malinaw na nangangailangan ng tulong ang mamamayan ng Abra de Ilog sa pasismong inihasik ng berdugong militar. Ngunit kahit man lang maabot ng mga mapagkawanggawang mga organisasyon upang mag-imbestiga at maghatid ng serbisyo sa mga biktima ay ipinagkakait ng estado. Pinagbawalan silang pumasok at makausap ang mga biktima. Nire-*red-tag/terror-tag* ang mga progresibo, grupong makatao at aktibista na bumabatikos sa karumaldumal na mga krimen ng estado. Tinatakot pa ng NTF-ELCAC na kakasuhan ng rebelyon ang sinumang *netizen* na magpahayag sa *social media* ng kanilang disgusto sa gubyerno at kondemnasyon sa paninibasib ng AFP-PNP. Pinagbabantaan din ang mga lokal na mamamayan na huwag magsasalita ng kanilang nalalaman hinggil sa epekto ng pambobomba. Ang malaking tanong ng bayan, ano ang itinatago ng mga pasistang pwersa ng AFP at ni *humanitarian* na tulong ng mga mapagkawanggawang organisasyon at mga tagapagtanggol sa karapatang pantao ay hindi mapahintulutang pumasok sa lugar?

Pilit inililista sa tubig ng mga reaksyunaryong ahensya ang gabundok nang krimen ng estado sa kasaysayan ng mamamayang Pilipino—dahilan ng kawalan nang kredibilidad ng mga pahayag nila ng pagtatakip sa mga kaso at kasalanan nila. Malaon nang gawi ang sapilitang pagkontrol ng AFP sa mga lokal na gubyerno at iba pang institusyon para pigilan ang pag-alagwa ng katotohanan sa ilalim ng *de facto martial law*. Binibili ang katapatan ng mga ito sa kapinsalaan at pera ng bayan.

Umay na ang sambayanan sa pormulang pananakot at pagbabanta ng GRP sa mga grupo at indibidwal na kumukwestyon sa peke at basurang impormasyon nito. Malinaw na mensahe ng pagtutol at paglaban ng bayan ang puu-puong libong testimonya ng mga biktima ng karahasan ng mga pwersa ng estado. Matalas na ebidensya ng kawalan ng tiwala ng mamamayan sa "*transparency*" na ipinagmamalaki ng AFP ang paghugos ng mga grupo na naglulunsad ng lehitimong *fact-finding mission* at imbestigasyon sa mga kaso ng paglabag.

Hindi nauunawaan ng mga pasista ang batas ng tunggalian na sa pag-atake nila at pagpigil sa pakikibakang masa, lalong namumuo ang galit ng taumbayan. Dito yanig na yanig ang rehimeng US-Marcos II kaya naman bumabaling ito sa pagpapatindi pa ng hagupit ng pasismo.

Nakikita ng bayan ang pagsalig sa sariling lakas para ipagtanggol ang sarili at tapatan ang karahasan ng estado. Makatwiran ang makibaka para itigil ang terorismo ng estado at palayasin ang militar sa kanayunan at kabayanan. Dapat lamang na ipatigil ang walang habas na pambobomba sa himpapawid at papanagutin ang mga berdugo at mamamatay-taong AFP-PNP at NTF-ELCAC.

Panahon na upang basagin at wakasan ang *red-tagging* at *terror-tagging* sa lehitimong paggigiit ng karapatan ng masang Pilipino at pagpapahayag ng katotohanan. Sa gitna ng pasismo at kahirapan, walang ibang dapat gawin ang sambayanan kundi lumaban at magrebolusyon.

Nararapat padagundungin ang kampanyang anti-pasista sa paglalantad sa iba pang mga kaso ng paglabag ng AFP-PNP, NTF-ELCAC at mga lokal na Task Forces nito sa karapatang tao ng inosenteng mamamayan at pagsasagawa ng krimen sa digma. Maglunsad ng mga kontra-atake sa pandarahas ng AFP-PNP kagaya ng pagsasampa ng kaso laban sa mga krimen ng mga berdugo, pagpapalayas sa mga ito sa mga komunidad at pook trabaho at iba pa. Igiit ng taumbayan ang pagbawi sa mga pondong inilaan sa pasismo sa pagpapalakas ng panawagang ilipat ang mga ito sa serbisyong panlipunan.

Habang isinusulong ng mamamayang Pilipino at mga pambansa demokratikong pwersa ang mga pakikibakang bayan, tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na palakasin ang sariling hanay at palawakin ang lihim na mga organisasyong masa upang magsilbing gulugod ng kilusang masa. Ipalaganap ang demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon na magwawasak sa bulok na kaayusan ng estado. Ipatimo sa buong bayan ang rebolusyon bilang sandata nito para ipagtanggol ang sarili at bigwasan ang palalong kaaway.

Kasabay nito, kailangang ilunsad ng mga yunit ng BHB ang mga matatagumpay na taktikal na opensiba upang parusahan at pagbayarin ng mahal ang berdugong AFP-PNP. Dapat samsamin ang mga armas ng militar at pulis at gamitin ang mga ito para itutok sa mapang-aping estado ng malalaking burgesya kumprador. panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Patawan ng rebolusyonaryong hustisya ang mga sagadsarin at may utang na dugo sa mamamayan. Ngayon higit kailanman, nakahanda ang mga yunit ng BHB at sambayanang Pilipino na ibayong isulong ang demokratikong rebolusyong bayan para ibagsak ang pasistang estado at itayo ang lipunang makatao, malaya at makatarungan.

INTERNASYUNAL

## Pagtindig ng mamamayang Amerikano laban sa ICE

Libu-libong mamamayan ang nagprotesta sa iba't ibang estado laban sa teror na inihahasik ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) lalo sa mga imigrante sa US. Nanawagan sila ng hustisya sa pagpatay ng ICE kay Renee Nicole Good noong Enero 7 sa Minneapolis, sa Minnesota, USA. Malaon nang kinukundena ng mamamayang Amerikano ang karahasan ng ICE sa pagpataw ng anti-imigranteng mga patakaran sa utos ni Trump. Muli ring ipinanawagan sa mga protesta ang hustisya para sa mga biktima ng brutalidad ng estado. Bukod sa Minneapolis, pumutok din ang mga protesta sa Los Angeles, New York, Washington DC, El Paso at Boston. Inaasahang higit isang libong protesta pa ang ilulunsad sa iba't ibang bahagi ng US para sa hustisya at pagpapabasura ng ICE.

## Nag-aalab na protesta sa Palestine sa gitna ng *winter*

Habang patuloy na lumalamig sa Palestine sa panahon ng *winter*, umiinit ang mga panawagan para suportahan ang mamamayang Palestine at itigil ang agresyon dito ng US-Israel. Kinakaharap ng mamamayang Palestine ang *winter* na may 400,000 wasak na tahanan kung saan nagtitiis sila sa mga *tent* at gawa-gawang bahay yari sa *tarpaulin*. Namatay na ang 21 Palestino kabilang ang mga sanggol dahil sa lamig. Nitong Enero, nagprotesta ang mamamayang Palestine sa Gaza para sa *humanitarian aid* at para kundenahin ang panggigipit ng Israel kahit sa panahon ng *ceasefire* at *winter*. Sinuportahan sila ng mga mamamayan sa US, UK, Canada at iba pa sa paglunsad ng parehong pagkilos. Sa datos noong Nobyembre 2025, umaabot na sa 72,500 mamamayan ang napaslang sa Gaza, kung saan higit 20,000 dito ay mga bata.

## Mga protesta laban sa atake ng US sa Venezuela

Magkakasunod na inatake ng bomba ng US ang kapitolyo ng Venezuela na Caracas at iba pang bayan nito na La Guaira, Miranda at Aragua, at dinukot ang pangulo ng Venezuela na si Nicolas Maduro at ang asawa nitong si Cilia Flores noong Jan 3. Nasa likod nito ang paglalaway ng US sa mayamang reserbang langis ng Venezuela para gamitin sa paghahasik ng mas marami pang gera na pabor sa kanyang negosyo sa paglikha ng armas pandigma. Sa harap ng embahada ng US sa kani-kanilang bansa, kinundena ng mga protesta ng mga Pilipino, Japanese, French, Irish, Mexican at iba pa ang atake ng US sa Venezuela. Nagprotesta ang mga mamamayan sa iba't ibang bahagi ng daigdig laban sa Monroe Doctrine at pag-atake ng US sa Venezuela.

# Pagkamuhi at paglaban ng mga Lagunense sa korapsyon

Mula Setyembre 2025, hindi na namatay ang nagpupuyos na galit ng mamamayang Lagunense laban sa isyu ng korapsyon. Lumabas ito sa iba't ibang anyo: mga kilos protesta, walk out, at iba pa.

Mayroong hindi bababa sa 146 na *flood control project* (FCP) sa Laguna na may kabuuang halaga na ₱8.6 bilyon. Ngunit sa kabila nito, danas pa rin ng maraming Lagunense ang pagbaha at delubyo kapag bagyo. Marami sa mga proyektong ito ang nalantad bilang *ghost project*, partikular sa mga bayan ng Binan, Calamba at Bay.

Nalantad din ang mga sabwatan ng mga lokal na dinastiya at ng mga negosyante't kontraktor ng mga naturang proyekto. Sa San Pedro, bumili ang pamilya ng nakaupong Kongresistang si Ann Matibag ng lupa sa may Ilog Tunasan, Brgy. San Antonio, na dadaanan ng dalawang FCP ng mga Discaya. Gayundin, sa San Pedro at Calamba, nakuha ng Datzlav Construction ang signipikanteng bilang ng mga kontrata. Ang Datzlav ay pagmamay-ari ni Nemesis "Datz" Lavina na kapitan ng Brgy. Poblacion II sa Santa Cruz.

Ang mga rebelasyong ito ang naging daan para mabuksan ang usapin ng korapsyon at burukrata kapitalismo sa buong lalawigan. Naging tampok na usapin ang pagbubulsa ng pondong ayuda para sa mga *solo parent* sa antas barangay. Gayundin, naging usapin ang paggamit ng *provincial government* sa pondong dapat ilaan sa mga ospital at pamantasan.

Umani ng batikos si Gov. Sol Aragones mula sa mga manggagawang pangkalusugan dahil sa kawalan ng maayos na pasilidad sa mga pampublikong ospital, habang kinuwestyon naman ng mga estudyante ng Laguna University ang "pagpapaganda" ng arko ng Laguna Sports Complex sa gitna ng kakulangan ng pasilidad ng pamantasan.

Ikinagalit din ng mga Lagunense ang nagpapatuloy na sabwatan ng pamahalaan at negosyo sa mga proyektong imprastruktura. Sa Pakil, patuloy na tinututulan ng mga mamamayan ang pagtatayo ng Ahunan Dam, na magpapalayas sa 12,000 na Pakileño at sisira sa Bundok Ping-As. Sinusuportahan ng lokal na pamahalaan ng Pakil ang pagtatayo ng dam sa tulong ng kapitalistang si Enrique K. Razon.

Sa baybayin ng Lawa ng Laguna, patuloy naman na iniraratsada ang pagtatayo ng Laguna Lakeshore Road Network, isang malawak na *expressway* na dudugtong mula sa C6 sa Taguig at magpapalayas ng mahigit 100,000 na mangingisda at maralita. Ang proyektong ito ng DPWH ay pinopondohan ng Asian Development Bank.




Sa galit ng mamamayan, inilunsad nila ang tuluy-tuloy na serye ng mga pagkilos ng iba't ibang sektor sa lalawigan. Kabilang na rito ang serye ng mga *walkout* at kilos-protesta ng mga estudyante sa UP Los Banos, City College of Calamba, De La Salle University Laguna, at Polytechnic University of the Philippines. Kasabay nito ang mga lingguhang protesta ng mga manggagawa mula Setyembre hanggang sa kasalukuyan.

Sa bayan ng San Pablo, itinatag ng mga taong simbahan, abugado, guro, estudyante at iba pang sektor ang alyansang San Pablo Ayaw sa Korapsyon (SAPAK). Naglulunsad sila ng mga lingguhang protesta para pukawin ang mamamayan ng San Pablo at manawagan sa pagpapakulong sa lahat ng sangkot sa katiwalian.

Sa Los Baños, naitatag ang UP Act Against Corruption Network, na binubuo ng mga estudyante, guro at iba pang mga sektor na bumubuo sa komunidad ng pamantasan.

Sa Pagsanjan, matagumpay na pinetisyon ng mga mamamayan na masibak sa pwesto si Mayor ER Ejercito dahil sa katiwalian at paglulustay ng pondo ng bayan. Nagresulta ito sa hatol ng korte na *guilty* si Ejercito sa iligal na paggagawad ng kontrata sa isang di-lisensyadong kumpanya na First Rapids Care Ventures noong Pebrero 2025.

Lagpas 3,000 mamamayan mula sa Laguna at iba pang probinsya ng Timog Katagalugan ang lumahok sa kilos protesta sa Crossing, Calamba noong Nobyembre 30 para salubungin ang kaarawan ni Gat Andres Bonifacio ng panawagang "Panagutin sina Marcos Jr. at Sara Duterte." Kasabay nito ang paglawak ng mga panawagang patalsikin ang Hari at Reyna ng korapsyon na sina Marcos Jr. at Sara Duterte at itatag ang isang National Transition Council.

Asahan na sa taong 2026, lalong titindi ang pakikibaka ng mga Lagunense para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at upang panagutin ang mga kurakot, laluna ang hari at reyna nitong si Marcos at Sara Duterte hanggang baguhin ang bulok na sistemang panlipunan. K

# Laban para sa lupa, laban para sa buhay

**Napakatayog na pangarap para sa milyun-milyong magsasaka na angkinin ang mga lupaing sila ang nagbubungkal upang pagyamanin. Sa pait ng kalagayang ito natatanto ng masang magsasaka ang kanilang tunay na kapasidad para isakatuparan ang pangarap na ito. Sumasalig sila sa pinagsanib na lakas ng kanilang hanay at pakikipagkaisa sa iba pang sektor para igiit ang tunay na reporma sa lupa na matagal nang ipinagkakait ng sistemang malakolonyal at malapyudal sa ilalim ng gubyernong dominado ng imperyalismong US.**

Bagamat napakarami nang magsasaka ang nawalan ng lupa bunga ng sistemang umiiral, nakakapanatili pa ang maraming maralitang magsasaka sa kanilang mga lupain dahil sa sama-samang pagkilos. Sila yaong mga komunidad ng magsasaka na mayroong mga samahan na nagtatanggol sa kanilang mga karapatan. Kabilang rin sila sa pangunahing tinututukan ng pasismo ng estado dahil pinaglalawayan ng mga naghaharing uri ang kanilang daan-daang ektaryang lupain para sa *land use conversion* (LUC) at/o mga "proyektong pangkaunlaran" na nangangahulugan ng pangangamkam ng lupain ng mga magsasaka.

**Ilan sa tampok na pakikibaka ng mga magsasaka sa TK**

**Hacienda Roxas.** Humigit kumulang 3,000 ektarya ang pinagtutunggaliang lupain ng Hacienda Roxas na matatagpuan sa Nasugbu, Batangas. Ang naturang lupain ay plantasyon ng tubuhan na nahahati sa tatlong hasyenda: Hacienda Palico (1,024 ektarya); Banilad (1,050 ektarya); at Caylaway (867 ektarya). Mayorya ng mga naninirahan sa Palico ay mga manggagawang bukid at mga manggagawa sa loob ng Batangas Sugar Central habang sa Banilad at Caylaway naman naninirahan ang mga tenante na siyang nagbungkal ng mga lupain. Resulta ng konsistenteng pagkakaisa ng mga magsasaka at manggagawang-bukid, napwersang maglabas ng husga sa Korte Suprema noong dekada '90 na ipamahagi ang lupa sa 1,301 magsasaka. Makalipas ang higit dalawang dekada, binaligtad ng korte ang desisyon para hatiin ang lupain sa pagitan ng panginoong maylupa at mga magsasaka. Nakaamba ang malawakang kumbersyon ng malawak na taniman tungong *solar farms.*







**Lupang Ramos.** Sinasaklaw nito ang 372-ektaryang lupaing matatagpuan sa Brgy. Langkaan 1 sa Dasmariñas, Cavite kung saan nakatira ang mga maralitang magsasakang nagbibigkis upang labanan ang banta ng LUC sa loob na ng ilang dekada. Mayaman ito sa iba't ibang pananim na tinatamnan ng mga palay at mais sa panahon ng kolonyalistang Espanyol. Dekada '90 nang maipagtagumpay ng mga magsasakang residente ang pagpigil sa pagpapalit-gamit ng lupa habang ipinaglalaban ang pagpapataas-presyo kada tonelada ng tubo. Naging sandata nila ang kolektibong pagsasaka at bungkalan para ipaglaban ang karapatan sa pagbubungkal at panirikan. Ito rin ang kanilang naging sandigan sa harap ng banta ng LUC noong 2017. Tagumpay ng kanilang sama-samang pagkilos ang tinatamasa nila ngayon kung saan ang nabuong pagkakaisa at pagpapaunlad ng lupa ang nagsisilbing titulo ng mga magsasaka sa pagpapatuloy ng laban para sa tunay na reporma sa lupa. Pinaglalawayan ng mga *real estate developer* at mismong lokal na gubyerno ang Lupang Ramos. Para mapalayas sila, nire-*redtag* ang buong komunidad at ginawan ng gawa-gawang kaso ng Task Force Ugnay (TFU) ang 15 residente nito. Higit isang taon na ring ipinananawagan ng mga magsasaka rito ang pagpapalayas sa kampo ng TFU na nanggugulo at nagsasagawa ng surbeylans sa mga residente rito.

**Lupang Tartaria.** Ito ang pangalawa sa pinakamalaking barangay sa Silang, Cavite na sumasaklaw sa higit 300 ektaryang lupain. Nagsimula pa noong dekada '60 ang magiting na pakikibaka ng mga magsasaka para sa karapatan sa kanilang kabuhayan at panirikan. Hanggang sa kasalukuyan, nananaig ang determinasyon ng mamamayan sa paulit-ulit na pagharang at pagbabarikada ng mga residente para pigilan ang iligal na panghihimasok ng mga armadong maton upang idemolis ang kanilang mga tahanan. Kasabay nito ang kanilang paglaban sa pailalim na pakana ng panginoong

maylupang Aguinaldo kasabwat ang mga Ayala na piliting magbenta ng lupa ang mga residente kapalit ng kakarampot na halaga. Binabayaran nila ang Jarton Security Agency para magsilbing mga *goons* at sindakin at unti-unting palayasin ang mga mga lider magsasaka at residente ng Lupang Tartaria. Kinakasangkapan din nila ang iilang mga taksil sa pakikibaka ng mamamayan ng Tartaria para wasakin ang pagkakaisa ng mga residente at pahinain ang kanilang determinasyong lumaban. Nitong Nobyembre 2025, sunud-sunod na mga tangka ng paggiba sa bakod at pagtatayo ng dagdag na *outpost* ng Jarton ang isinagawa sa lugar na matagumpay na napigil ng mamamayan.

**Brgy. Casile.** Bahagi ng Cabuyao, Laguna ang Brgy. Casile na mayroong 3,619 na populasyon (2024) na bumubuo sa 1.02% ng kabuuang populasyon ng Cabuyao. Matatagpuan ito sa gitna ng dalawang ilog—mayaman sa pananim tulad ng pinya, saging, niyog, gabi, kamoteng kahoy at iba pa na pangunahing kabuhayan ng mga magsasaka rito. Sapilitang pinalalayas ang mga residente sa pangunguna ng Sta. Lucia Realty Development Corporation na instrumento ng pamilyang Yulo na kumakamkam sa lupain ng Casile. Gamit ang bayarang Emirates Security Agency, iligal na binabakuran ang lugar para bigyang daan ang CALAX-Cabuyao Road Project na sinimulan noong Nobyembre 2024. Umabot sa 24 ektarya ang iligal na nabakuran at nagresulta sa pagkawala ng hanapbuhay ng 11 na pamilya.

**Lupang Almeda.** Kinakaharap ng mga katutubong Mangyan Iraya ang pasismo ng estado at brutal na militarisasyon sa 31-ektaryang lupain ng Hacienda Almeda na bahagi ng lupaing ninuno ng mga Mangyan Iraya sa Malatabako, Abra de Ilog. Pilit itong inaagaw sa mga Iraya sa pamamagitan ng pangingikil, militarisasyon at panlilinlang ng mga ahente ng estado. Noong Mayo 2024, binakuran ng Pieceland Corporation ang 12-ektaryang lupain at pinalayas ang aabot sa 73 pamilya ng mga katutubo. Nilabanan ito ng mga residente at noong Oktubre 2024, iligal na inaresto ng PNP at pribadong *goons* ang 17 nakatatanda at 12 menor de edad na Mangyan Iraya. Pinakahuling mga atake noong 2025 ang pagdukot at pagtortyur ng 76th Infantry Battalion kay Dolores Mariano Solangon, isang magsasakang Mangyan Iraya at sapilitang pagdukot ng CIDG, PNP at 76th IB kay Ramon "Monet" Alcantara sa Brgy. San Vicente, Abra de Ilog, Occidental Mindoro na kilalang nagtatanggol sa mga karapatan sa lupa ng mga katutubo at magsasaka at dating kumandidatong meyor sa Abra de Ilog. Hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy ang militarisasyon sa lugar sa pangunguna ng 203rd Ibde.

Salaminan ng daan-taong dominasyon ng pyudal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ang walang-humpay na tunggalian sa pagitan ng mga magsasaka at panginoong maylupa. Palpak at hungkag ang reporma sa lupa ng reaksyunaryong gubyerno na lalo lamang nagkokonsentra sa malalawak na lupain sa kamay ng iilang PML. Haling sa pagkaganid, nagsasabwatan ang mga burgesya kumprador-panginoong maylupa, burukratang kapitalista at mga dayuhang korporasyon para durugin ang pagkakaisa ng masang magsasakang nagdedepensa sa kanilang mga taniman at tahanan. Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II, pinatunayang bigo at huwad ang programang kondonasyon ng mga utang ng mga magsasaka sa ilalim ng National Emancipation Act. Ano pang bisa ng batas na ito kung ang mga lupaing dapat sana'y binubungkal ng mga magsasaka ay nasa kamay na ng malalaking kumprador-panginoong maylupa, burukrata-kapitalista at dayuhang monopolyo kapitalista? Kabi-kabila ang mga programa at patakaran ng estado para ipagkait sa mga magsasaka ang tunay na repormang agraryo na malaon na nilang ipinapanawagan at hinihingi. Iba't iba ang anyo at iskema ng rekonsentrasyon ng lupa sa mga PML, kahit na yaong mga lupaing matagumpay nang nabawi ng mga magsasaka sa pamamagitan ng kanilang pakikibaka na pinagbuwisan nila ng pawis at dugo.

Ginagamit ng rehimeng US-Marcos II ang talim ng pasismo para parusahan ang mga magsasaka at pambansang minoryang lehitimong nakikibaka para sa kanilang buhay, kabuhayan at karapatan. Iba't ibang tipo ng pandarahas, pananakot, *red/terror-tagging*, pagdukot sa mga lider, panliligalig sa mga komunidad at iba pang paglabag sa karapatang-tao ang isinasagawa ng mga berdugong yunit ng AFP-PNP-CAFGU laban sa masang magsasaka at pambansang minorya. Ekta-ektaryang produktadong taniman ng mga Mangyan ang di na nagagawang balikan at pagkakitaan sa takot na mapagdiskitahan ng mga militar. Kapalit nito ang malawakang kagutuman at kahirapan. Para sa mga magsasaka at katutubo, ang AFP-PNP-CAFGU ang pinakamalaking pribadong armadong *goons* ng estado at PML para sila'y supilin at durugin.

Sa harap ng pasismo at pang-aagaw ng lupa, hindi dapat tumigil ang masang magsasaka sa pag-oorganisa ng sariling hanay upang depensahan ang kanilang lupa at tahanan. Walang makahihigit sa pagkakaisa at sama-samang pagkilos ng taumbayan. K

***Salaminan ng daan-taong dominasyon ng pyudal at malapyudal na lipunang Pilipino ang walang-humpay na tunggalian sa pagitan ng mga magsasaka at panginoong maylupa... Hindi dapat tumigil ang masang magsasaka sa pag-ooraganisa ng sariling hanay upang depensahan ang kanilang lupa.***

**TUGON** ni PATNUBAY DE GUIA

# Bakit dapat kundenahin ang gerang agresyon ng US sa Venezuela at ang banta ng mas pinabagsik na pasismo sa daigdig ng bagong National Security Strategy ng US?

Malinaw na tahasang pagyurak at pagsagasa sa pambansang soberanya ng Venezuela ang ginawang pag-atake ng US, kasabay ng pagdukot kay Venezuela Pres. Nicolas Maduro at asawa niya. Isa itong katunayang hindi kayang pasubalian ng anumang akusasyon ng pagkakasangkot umano ni Maduro sa sindikato ng droga o pandaraya sa eleksyon. Sa sarili niyang bakuran, arbitraryo at utak-pulburang isinantabi ni Trump ang tamang mga proseso sa kanyang imperyalistang estado, magawa lamang ang kanyang nais na sipain si Maduro at saklutin ang Venezuela.

Ang Venezuela ay isang nagsasariling bansa sa Latin America na tumangging pumailalim o magpasakop sa anumang kasunduan sa US matapos makaalpas sa halos isang siglong pagdambong ng huli sa likas na yaman ng bansa, pang-aalipin at pasismo sa mamamayan nito. Sa ilalim ng pumanaw nilang lider na si Hugo Chavez, isinabansa ang industriya ng langis para sa kapakinabangan ng mamamayan. Ang pakinabang na nakukuha sa pandaigdigang kalakalan ng langis ay inilalaan ng estado para pagbutihin ang mga programang panlipunan tulad ng edukasyon at kalusugan para lutasin ang kahirapan ng mamamayan. Kasabay nito, habang isinara ang pinto sa US, nagbukas naman ito ng pakikipagtulungan at pantay na kalakalan sa Cuba, na isa pang tinik sa lalamunan ng US sa mga bansa sa Latin America.

Dahil dito, isinailalim ng US ang Venezuela sa iba't ibang tipo ng panggigipit—pagpapataw ng sangsyon sa ekonomya at iba't ibang tipo ng interbensyon tulad ng mga pakanang kudeta, bigong asasinasyon sa mga lider at pagpapadala ng mga mersenaryo. Nitong 2019, itinayo ang isang "*interim government*" sa Venezuela sa pangunguna ng papet ng US na si Juan Guaido na nabigong makakuha ng popular na suporta.

Pumasok sa bago at mas mataas na antas ng panghihimasok ang US sa muling pagkahalal ni Trump bilang pangulo nito. Mula sa mga pahiwatig, isinakatuparan na ni Trump ang gerang agresyon sa Venezuela sa madaling-araw ng Enero 3 sa sabay-sabay na pag-atake ng higit 150 eroplanong pandigma sa kapitolyo nitong Caracas, at sa mga estado ng Miranda, Aragua at La Guaira. Para ilingid sa publiko ang grabidad ng pinsala, mistulang may *news blackout* sa nagaganap sa Venezuela hanggang ngayon.

Itinakda ng bagong labas na National Security Strategy (NSS) ng US sa ilalim ni Trump ang pinakabagong hakbangin nito sa buong Timog America na itinuturing na saklaw ng kagyat na impluwensya ng US. Ramdam at lubhang nababahala sa banta ng paglawak ng impluwensya ng China sa Latin America, binuhay ni Trump ang mapanakop na doktrina nitong Monroe Doctrine* para igiit ang paghahari nito sa dalawang kontinente ng America na tinatawag ding Western Hemisphere. Hindi tulad ng Monroe Doctrine at iba pang kahalintulad na doktrina ng mga sumunod na presidente na nakaabat sa mga bansa sa Europe, nakatutok ang talim ng Trump Corrolary o sariling bersyon ng doktrina sa China at Russia.



Sa kasalukuyan, ang China ang nangungunang partner sa kalakalan ng ilang bansa sa Timog America at inaasahang makukuha nito kalaunan ang buong rehiyon kabilang ang Caribbean. Sa pagtindi ng epekto ng mga sangsyon ng US sa Venezuela, lumalakas ang tendensya nitong sumalig sa China na ngayo'y isa sa pinakamalaking pinagkakautangan niya ng $10 bilyon at tumatanggap ng pondo ng China sa imprastruktura at pamilihan ng eksport.

Nasa puso ng pag-aalala ni Trump na makuha ng China ang 300 bilyong bariles na reserbang langis ng Venezuela (pinakamalaki sa buong mundo) na target ng pagnanasa nitong masakop ang bansa mula pa 1900. Kailangan ni Trump ng kaseguruhan sa pagmumulan ng kanyang enerhiya, para masustine at mangibabaw sa inaasahang "*boom*" sa *artificial intelligence* o AI na magsasalba sa monopolyo kapitalismong US. Ang tumatagal na pusisyon ng US sa bingit ng resesyon sa ekonomya ang bumabagbag sa pundasyon ng monopolyo-kapitalistang estado ng US sa kasalukuyan kaya't pumipihit ito sa neokonserbatismo at todong pasismo.

Pangunahing nilalaman ng estratehiya ng US sa larangan ng ekonomya ang "America First" sa anyo ng pagbibigay-proteksyon sa lokal na industriya at manupaktura kaya tinaasan ang taripa sa halos lahat ng inaangkat nitong kalakal. Ngunit tulad ng iniresulta ng pagpapatupad nito sa una nyang panunungkulan, wala pang natatanaw na pagbuti sa ekonomya. Nanatiling tigil ang produksyong industriyal nito sa gitna ng dagat ng labis-labis na pandaigdigang produksyon at imbentaryo. Kasabay nito, ang panlabas na epekto ng proteksyunismo ay ang lalong paglakas ng anti-US na sentimyento sa buong daigdig.

Sa larangang militar, hinahangad ng US na itanghal ang kanyang pwersang militar bilang "pinakamakapangyarihan, pinakamatindi, at pinakaabante sa teknolohiya" sa buong daigdig. Kung gayon, tututukan nito ang pagpapalaki at pagpapalakas ng pwersa sa "*first island chain*" sa South China Sea para higitan ang laki at lakas ng China. Habang naglulunsad ng lantarang agresyon sa Venezuela, isinusulong ni Trump ang mga "pag-aayos" sa hindi pa natatapos na gera sa Ukraine at Palestine para isulong ang paghahati-hati sa teritoryo at rekurso, nang walang pagsasaalang-alang sa soberanong karapatan ng mamamayan ng Ukraine at Palestine, at may pagsasantabi sa interes ng karibal na Rusya, at maging ng kakampi nitong Zionistang Israel. Nang-uupat din ito ng gera at lantarang agresyon sa Iran gamit ang Israel.

***Ang bagong NSS ng US ay walang iba kundi isang estratehiya ng paghahasik ng pinatinding pasismo sa buong daigdig. Dapat itong labanan ng mamamayan ng buong daigdig. Dapat magpunyagi ang mamamayan at mga rebolusyonaryong PIlipino na makibaka at ibagsak ang estado bilang pinakamalaking ambag sa pandaigdigang kilusan laban sa imperyalismo.***

Karugtong ng interes sa Venezuela para gatungan ang tinatayang "*boom*" sa AI sa mga darating na taon ang interes nito sa Taiwan, na nangungunang prodyuser ng *microchips*. Sa tabing ng pagtataguyod sa "malayang paglalayag" at "soberanong karapatan ng Pilipinas" sa bahagi ng South China Sea, inaasahang lalong paiigtingin ng US ang militarisasyon nito sa Pilipinas at iba pang bansa sa rehiyon.

Nangangarap si Trump na kapag epektibo niyang nakontra ang pagsisikap ng karibal na China at Russia na makapagpalawak ng impluwensya, at gamit ang lakas militar niya ay muli nitong mailuluklok ang sarili sa tuktok ng imperyalistang kaayusan sa buong daigdig. At gagawin niya ito sukdulang mangyurak siya ng soberanya ng mga bansa at tumapak sa karapatan ng mamamayan nito. Kung gayon, ang bagong NSS ng US ay walang iba kundi isang estratehiya ng paghahasik ng pinatinding pasismo sa buong daigdig. Dapat itong labanan ng mamamayan ng buong daigdig.

Nararapat lamang na malawakang kundenahin ng bayan ang ginawang pag-atake ng US sa Venezuela at pagdukot sa lider nitong si Nicolas Maduro. Dapat matigil na ang kahalintulad na maruming taktikang ito ng US para paluhurin sa kanya ang mga bansa at lider na tumatangging magpailalim at mangayupapa sa kanya tulad ng sinapit ng Iraq, Libya, Panama at iba pa. Simula't sapul, sa harap ng lantarang imperyalistang gerang agresyon, ang pinakamakatarungan at wastong landas na tahakin ay ang armadong rebolusyon. Dapat suportahan ng mamamayang Pilipino at buong daigdig ang pagpapatuloy na pakikibaka ng mamamayan ng Venezuela para sa pambansang kalayaan at kaligtasan. Kasabay nito, dapat magpunyagi ang mamamayan at mga rebolusyonaryong Pilipino na makibaka at ibagsak ang estado sa Pilipinas na kontrolado at pinatatakbo ng imperyalismong US bilang pinakamalaking ambag nito sa pandaigdigang kilusan laban sa imperyalismo at sa pandaigdigang proletaryong rebolusyon. K

---

**Monroe Doctrine: Isang polisiyang pang-estado ng noo'y presidente ng US na si James Monroe noong 1823. Tinutukoy ng doktrinang ito na ang Hilaga at America ay hindi maaaring ipailalim sa pananakop ng alinmang kapangyarihan sa Europe.*

# Protesta't panawagan sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao

Higit 100 tagapagtanggol ng karapatang pantao, biktima at kapamilya, mga taong simbahan, samahang masa, manggagawang pangkultura at iba pang demokratikong sektor mula sa Timog Katagalugan ang naglunsad ng pagkilos mula sa Plaza Lacson tungong Liwasang Bonifacio at Mendiola sa Maynila noong Disyembre 10 bilang komemorasyon sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao. Panawagan nilang itigil ang mga paglabag sa karapatang tao sa ilalim ni Marcos Jr.

Naitala ng Karapatan ST ang 30,015 biktima na apektado ng mga pambobomba ng estado sa Quezon at Mindoro at 2,518 pekeng *surrenderree*. Patuloy na lumalala ang militarisasyon sa kanayunan. Sa kasalukuyan, 32-34 batalyon ng armadong pwersa ng AFP-PNP-CAFGU na ang nananalasa sa buong rehiyon o katumbas ng higit 16,000 armadong *personnel*. Malaking bahagi nito ang naka*deploy* sa mga kanayunang bahagi ng rehiyon kung saan pinakakonsentrado sa Mindoro at Quezon. Papalala ang mga paglabag sa ilalim ng bagong kontra rebolusyonaryong programang National Action Plan for Unity, Peace and Development ng NTF-ELCAC na nakaayon sa US *counter-insurgency guide* sa balangkas ng *whole-of-nation approach*.




Naiulat na pinatindi rin ang pang-aatake ng AFP sa mga komunidad ng magsasaka at manggagawa kung saan dinaranas ng mga biktima ang walang tigil na sarbeylans at panghaharas ng mga pwersa ng estado. Itinurong isa sa salarin ang 2nd CMO Battalion at Task Force Ugnay. Pinupuntahan nito ang mga tahanan ng mga lider para sapilitang pasukuin bilang kasapi ng NPA. Ikinakalat din ng mga ito ang mga malisyosong polyeto na nangre*red-tag* at naninira sa mga lider sa iba't ibang komunidad sa rehiyon.

Samantala, ibinasura ng reaksyunaryong korte ang *countercharges* ng mga kabataang sina Hailey Pecayo, John Paul Garcia, Kenneth Rementilla at Jasmin Rubia at ng biktima ng Bloody Sunday Massacre na si Nimfa Lanzanas. Ang mga biktima ay sinampahan ng gawa-gawang kaso ng paglabag sa Anti-Terror Law na naunang ipinabasura sa tulong ng mga makabayang abogado at suporta ng mamamayan.




**Pagkundena sa BDF**

Kinundena ng delegasyon ang pagpondo ng reaksyunaryong gubyerno sa Barangay Development Fund (BDF) na ginagawang gatasan ng mga korap na pulitiko at opisyal militar. Umaabot ng ₱1.95 bilyon ang laan sa BDF (₱2.5 milyon kada 780 barangay) habang ipinapanukala sa 2026 National Expenditures Program ang paglalaan ng ₱8.1 bilyon (₱10 milyon kada 808 barangay).

Ayon kay Rev. Saliendra, tagapagsalita ng Karapatan ST, "Ang mga proyektong BDP ay nakatabing bilang kikbak at hindi para sa kaunlaran [dahil] hindi nakakarating sa mamamayan ang kalakhan sa mga pondo. Ang natatanggap lamang ng taumbaryo ay mga mumo habang nagpapayaman ang mga opisyal."

Iginigiit ng mga grupong makatao na makatarungan ang pagpapatalsik kina Marcos at Duterte bilang mga hari at reyna ng korapsyon. Ipinanawagan din nila na ibasura ang NTF-ELCAC at ilipat ang bilyones nitong pondo sa serbisyo publiko — edukasyon, kalusugan, ayuda sa sakuna at tunay na kaunlaran sa kanayunan.

# Desentralisadong komemorasyon ng ika-57 taon ng PKP, inilunsad sa iba't ibang dako ng TK

Masigla at matagumpay na inilunsad ng mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon ang pagdiriwang sa ika-57 taon ng PKP sa loob ng mga sonang gerilya at mga lihim na pook sa kalunsuran mula Disyembre 2025 hanggang unang bahagi ng Enero.

Sa Quezon, Rizal, Batangas, Mindoro, Laguna at Cavite, inilunsad ang tahimik ngunit militanteng mga desentralisadong pagdiriwang ng mga sangay ng Partido sa lokalidad (SPL), balangay ng mga pambansa-demokratikong organisasyon na PKM, Makibaka, KM, Mindoro, mga selula ng NDFP, Friends of the Filipino People in Struggle at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Naging puso ng programa ang pagtalakay sa pahayag ng Komite Sentral na "Napakainam ng sitwasyon para ibayong Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan!" at ng Komiteng Rehiyon na "Pamunuan ang daluyong ng kilusang masa tungo sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Marcos! Palakasin ang Partido at malalim na umugat sa masa!" sa ika-57 na anibersaryo ng PKP. Tinalakay rito ang pandaigdigan, pambansa at panrehiyong sitwasyon na kapwa paborable para isulong ang rebolusyon at padaluyungin ang kilusang masa. Panghuli, tinalakay nito ang nagpapatuloy na mga hamon, panawagan at kagyat na mga tungkulin para sa muling pagpapanibagong lakas ng buong rebolusyonaryong kilusan.

Isang buwang nagdiwang ang mga yunit ng Lucio de Guzman Commang (LdGC)-BHB Mindoro sa pamamagitan ng inilunsad na *build up activities* bago ang aktwal na pulong anibersaryo kagaya ng mga pangkulturang aktibidad at lingguhang kapihan. Kasama rin sa arawang balitaan ang mga *segment* gaya ng "Ayon kay JMS," parangal sa mga martir ng Mindoro, *trivia* hinggil sa Partido at rebolusyon, *revolutionary word of the day*, at mga kultural na pagtatanghal. Sa mismong Disyembre 26, naisagawa ng isang yunit ang *flag raising* kasama ang rebolusyonaryong mamamayan sa isang rekoberi erya.

Bilang pag-angkop sa sitwasyong militar at abalang iskedyul ng masa sa produksyon, binuo ng mga yunit ang plano para sa mga daglian at maliitang mga pulong anibersaryo na inilulunsad kailanman at saanman may masa. Tugon ito sa kahilingan ng masa na magkaroon ng kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga nag-ooperasyong sundalo at kanilang mga ahente paniktik na madalas sa erya.

Sa aktwal na mga pulong anibersaryo, nagparangal ang lahat sa mga rebolusyonaryong martir sa maagang bahagi ng mga programa. Sa LdGC, isinagawa nila ang pagtitirik ng mga *stick* na may papel kung saan nakasulat ang mga pangalan ng mga martir sa tabi ng hinulmang karit at maso na gawa sa putik at inalayan ng mga bulaklak. Binigyang kulay ang mga pulong anibersaryo ng mga kultural na pagtatanghal gaya ng awit-galaw ng "Ang Gabay," balagtasan na "Ang Tunay na Hukbo ng Mamamayan," dula na nagpapakita ng araw-araw na pakikibaka ng masa at pagyakap nila sa rebolusyon at ang *community dance* ng "Kun Walay."




Sa isang pagdiriwang sa Cavite, sinagot ng mga Partidistang nagdiwang ang tanong na "Paano binago ng Partido ang buhay mo?" Tumampok sa mga sagot ang pagbabaybay ng mga indibidwal sa kanilang kalagayang inaapi ng estado bago maorganisa hanggang sa matutunan nila ang organisado at kolektibong paglaban para kamtin ang kanilang mga demokratikong karapatan at isulong ang rebolusyon.

Sa Laguna, idinaos ang selebrasyon sa pagtalakay sa mga tungkulin ng Partido at pahayag ng pagbati ng NDF-Laguna. Nakapalibot ang delegasyon sa iniladlad na bandera ng partido at nagsindi ng kandila sa programang alay sa mga martir. Isinagawa ang selebrasyon sa gitna ng pag-aaral ng Batayang Kurso ng Partido.

Tampok ang pagsasabit ng dalawang higanteng balatengga ng KM-Jordan Mopon at NDF-Rizal sa *footbridge* sa mga *hi-way* ng Rizal kung saan nakapinta ang parangal para sa Partido Komunista ng Pilipinas, sa rebolusyon, at ang panawagan para ibagsak ang rehimeng US-Marcos. Nilaman nito ang ipinintang mukha nina Tagapangulong Tagapagtatag Jose Maria Sison, Wilma at Benito Tiamzon at Josephine "Ka Sandy" Mendoza at Jordan "Ka SY" Mopon. Gamit ang dokumentaryo ng Oplan Sabit, naglabas sila ng bidyo nito sa saliw ng binigkas na tulang "Ang Gerilya'y Tulad ng Makata".

Sa Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon at LdGC, nagbigay-kulay sa bihis ng tipunan ang mga



ipinintang *backdrop* ng mga artista at kabataan na nagmula sa kalunsuran na nakipagdiwang sa loob ng sona.

Ayon sa padalang mensahe ng FFPS sa AMC, "Ang masa ay sabik na sa pagbabago, dinggin natin ang kanilang panawagan sa pamamagitan ng pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, pagsisiyasat at pagsusuri sa kalagayan ng masa hanggang sa magkaroon tayo ng mahigpit na pagsapol, at walang kapaguran para anihin ang kanilang tiwala at suporta. Kapag tinugunan natin ang kahingian nila, ang ating pagsisikap ay tiyak na magbubunga!"

Binuksan at tinapos ang mga aktibidad sa sama-samang pag-awit ng Ang Internasyunal. Sa sonang gerilya, humanay ang mga Pulang mandirigma bilang pagbibigay-pugay at pagtanghal sa *anthem*.

*KULTURA*

# Guro

**Akda ni Ka Ayesha**


Mahirap daw i-*give-up* ang burgis na pamumuhay. Lumabas sa *comfort zone*. Una na ang trabaho bilang propesor. Taon bubunuin iyon. Ginastusan. Pinaglaanan ng pagod at panahon. Ito ang *bread and butter* ko. Trabahong nagbigay sa akin ng mga pagkakataon. Kaya nang alukin ako ng mga kasama mag-*full-time*, napatigil ako. *In demand* din ang mga *teachers abroad*. Kaya malaki ang tyansa na makaalis ng Pinas. Takasan ang masalimuot na kalagayan ng bansa. Ang mababang pasahod sa mga guro. Ang kalagayang *overworked* na, *underpaid* pa! Sino ba naman ang magtyatyaga? Binuo ko ang desisyon ko.



Pilit nilang tinatago sa bayan. Kaso umalingasaw na parang ebak ang baho ng estado. Hindi na napigilang pumutok ang *issue* ng *flood control*. Bilyong pondo ng taumbayan ang ninakaw. Binubulsa ng mga pulitiko at kakutsaba nila. Sistematikong korapsyon. Planadong pagnanakaw. Habang ang isang guro, baon sa isang sistemang utang. Dahil ang sahod ay malayo sa sinasabing *below decent living wage*. Napipilitan lunukin ang mga *loans* na inaalok ng gobyerno pati pribado. Hindi makakatakas. Porma raw ng tulong. Programang para iahon sa kahirapan. Pero utang na ilang taong huhulugan ng isang pobreng mam at sir. Tutubuan pa ng malalaking interes. *In short*, pagkakakitaan sila mam at sir. Paano makakaahon sa kahirapan? Nilansi noon ng Salary Standardization Law. Pa-*concern* kunwari. Taas-sahod daw. Pero *installment* nang ibinigay. Hinati sa ilang taon. Kaya ang *increase* raw, balewala na rin. Ang bilis ba naman tumaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Parang baha! Saka iyong *inflation*. Dagdag na pasaning krus pa ang kaliwa't kanang buwis. Buwis na dapat ay ibinabalik at tinatamasa ng masa sa pamamagitan nang di mapapantayan na serbisyo publiko. Pero ang pobreng mam at sir, pag nagkasakit, kakapit ulit sa utang. Kulang ang mga pampublikong ospital. Napakamahal ng mga gamot. Paanong di magkakasakit? Maraming pagkakataon, konting ulan, lulusungin ni mam at sir ang baha. Kapag naisipan naman magsalita ni mam at sir para hingin ang

karapatan nila, pararatangan na subersibo. Lumalaban daw sa estado. Imbis na tugunan ang mga hinaing, surbelayns, intimidasyon, harassment, kapag minalas-malas pa, *extra judicial killing* (EJK) ang aabutin sa kamay ng estado. Wala nang masuutan ang pobreng guro. Tulad ng mga silid-aralan sa bansa. Kulang, masikip, sira-sira. Malamang substandard pa. Ayon sa Alliance of Concerned Teachers (ACT), 159,000 ang kakulangan sa *classrooms*. Baryang-barya lang sana sa bilyon na ninakaw. Kumpleto sana ang mga *classrooms*. Di na magtitiis sa masikip, mainit at lumang mga pasilidad. Kung hindi ninakaw sa mga *flood control projects*, kinupit ng dating kalihim ng edukasyon at bise-presidente. Confidential Funds. Si Mary Grace Piatos. ₱125 milyong ang nilustay sa loob ng labing-isang araw. Kaya inutil ang gobyerno. Walang pakialam sa kalagayan ng mga guro. Ang pakialam lang nila ay paano sisiguraduhin ang mga *kickbacks* nila. Paano protektahan ang yaman at kapangyarihan nila. Umaastang tagapaglingkod daw ng tao. Pero ang tingin nila sa taumbayan gatasan ng kanilang pera at katungkulan sa panahon ng eleksiyon.

Bumalik ako sa paaralan. Hindi sa loob ng burgis na pamantasan. Mas malawak. Ang pinag-aaralan, kongkretong kalagayan ng lipunan. Paano pababagsakin ang tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Ang paglilingkod sa masa, hindi susukatin ang galing mo sa dami ng mga naipasang *research*. Hindi mo kailangan ng titulo na karaniwang hinahanap sa akademya. Iyong *masters* o pahada (PhD) mula sa mga mamahaling eskuwelahan.




Dedikasyon, kagustuhan lamang na paglingkuran ang sambayanan sapat na. Pinili kong mag *full-time*. Ito ang naging desisyon ko. Ito ang tama. Iwan ang kaginhawahan. Ang *comfort zone*. Nagsusunog pa rin naman ako ng kilay. Pero hindi na ng mga kanluraning teorya. Para maging matalas sa teoryang Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at matamang ilapat ito sa pagsusuri ng lipunan. Hamigin ang malawak na puwersa ng masa. Sama-samang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Hikayatin na maging kaisa ng hanay ng mga kaguruan para ipaglaban ang usapin ng taas-sahod, regularisasyon at makabayan-siyentipikong sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Mas madali itong desisyon kesa habambuhay na magpakulong sa kaayusan sa akademya na instrumento pa ang estado para pagkaitan ng karapatan ang mga kaguruan. Mas masarap manatili sa bansa kesa maging guro sa ibayong-dagat. Tuparin dito ang sinumpaan bilang guro. Ang paglingkuran ang masang Pilipino. Dahil ang katuturan naman nang pagtalima sa sinasabing *noblest profession* ay ang pagiging isang guro ng bayan na lumalaban.

Mapanghamon ang panahon na ito para sa mga kaguruan. Tinatawag tayo na bitiwan na ang pagiging bilanggo ng akademya na humuhulma lamang ng mga manggagawa para sa dayuhan. Humantong na nga raw ang Pilipinas sa yugto na maging mga Filipino ay ginawang kalakal. Overseas Foreign Worker (OFW). Panahon na upang magising sa bangungot na ito. Simulan ang progresibong transpormasyon sa mga paaralan. Lumikha ng mga gradweyts na may kritikal na kaisipan. Kaisipan na babasag sa malapyudal at malakolonyal na kaayusan ng bansa. Mga kabataang-estyudante, guro at kawani sa sektor ng edukasyon na sama-samang mananawagan para sa isang tunay na demokratikong gobyernong bayan. Estadong hindi magnanakaw bagkus ay mamumuno at magkakalinga sa sambayanan.

Ang totoo pala, hindi mahirap iwanan ang burgis na pamumuhay basta para sa rebolusyon at bayan. K